IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume III, Issue 6 June 2023, eISSN: 2799-0664

# Kahusayan sa Pagsulat ng Tradisyunal na Tula

**ALDRIN SOLANO PRANGAN**
Teacher III
Urdaneta City National High School
Urdaneta City, Pangasinan
aldrinsolano06@gmail.com

*Abstrak* — Sa mundo kung saan ang matamis ay nagiging mapait; at ang mapait ay nagiging matamis, maraming pagkakataong nalilimot na ang tunay na ugat ng ating kultura at tradisyon. Ang mga tradisyunal na sulatin ay isa sa pinakamahalagang yaman na nakalimbag at patuloy na yumayabong sa paglaon ng panahon. Subalit paano na nga ba kung kasabay ng mabilis na pagbabago ng panahon ay ang unti-unti na ring paglimot sa ating kinagisnang kultura't tradisyon? Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa kahusayan sa pagsulat ng tradisyunal na tula ng mga mag-aaral na nasa ikalabing isang baitang ng klaster 2 sa dibisyon ng Urdaneta City. Hinangad sa pag-aaral na ito na matanto ang ng kahusayan sa pagsulat ng tula ng mga mag-aaral batay sa mga sumusunod na elemento: sukat, tugma, talinghaga, larawang diwa at tema. Ginawa ang pag-aaral na ito upang makita ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tradisyunal na tula at makapagbigay ng mga mungkahing gawain upang lalong mahubog ang galing at husay ng mga mag-aaral ng klaster 2 sa dibisyon ng Urdaneta City. Gamit ang slovin's formula, natukoy ang bilang ng mga respondente sa ginawang pag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong korelasyon na paraan ng pananaliksik. Gumamit ng talatanungan upang malikom ng mananaliksik ang mga datos na kailangan sa profayl at para malaman ang kaugnayan nito sa kakayahan ng mga mag-aral sa pagsulat ng tradisyunal na tula. Naging malaya sa pagpili ng paksa ang mga mag-aaral sa kanilang sinulat na tradisyunal na tula na kalaunan ay ini-balweyt ng tatlong gurong eksperto sa Filipino. Ayon sa resulta ng pag-aral, magkakaiba man ang nakuhang korelasyon at kabuluhan ng bawat profayl ng mga mag-aaral sa makabuluhang ugnayan ng kahusayan sa pagsulat ng tula ng mga mag-aaral batay sa kanilang profayl, lumabas na walang makabuluhang ugnayan ang profayl ng mga mag-aral sa kahusayan sa pagsulat ng tula.

## I. Introduksyon

Kasabay ng pag-usbong ng iba't ibang teknolohiyang dala ng makabagong panahon, umarangkada rin ang mabilis na pagbabago sa paraan ng pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral. Mula sa tradisyunal na paggamit ng tisa at pisara, papel de Manila, at maging likuran ng lumang kalendaryo sa paghahatid ng leksyong pinagpuyatan ng guro, nagkaroon na rin ng bagong mukha ang paraan ng pagtuturo at pagkatuto ng mga guro at mag-aaral. Ayon kay Bertillo (2011) sa kasaysayan ng edukasyon ay malaki ang naiambag ng teknolohiya sa paglinang

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

ng mga makrong kasanayan. Sa katunayan, ito ay isa sa mga pangunahing paraan kung bakit ang pag-aaral ay nagiging madali at mabisa kung kaya naman napakaraming mag-aaral ang sumasangguni sa teknolohiya para sa kanilang pag-aaral. Nagagamit na rin ang teknolohiya upang mas mapadali ang pagpaparating ng mga mensahe sa ating kausap at nagiging daan din ito para pumasok ang mga makabagong uri ng panitikan. Pinangangambahan na magiging dahilan din ito ng unti unting paglimot sa mga tradisyunal na tula na minsan ng gumuhit sa kamalayan nating mga Filipino.

Ang pagsulat ay isa sa mga makrong kasanayan na nililinang sa isang indibidwal. Isa itong epektibong larangan upang maipakita ang karunungan ng isang tao sa pamamagitan ng paggamit ng mga letra at salita. Kakayahan ng tao ang maipahayag ang laman ng kaniyang isipan at nararamdaman. Nakakaapekto sa pagkatuto at sinasabing pagpapakita ng kaalamang natamo ng tao sa kaniyang mga nalinang na iba pang kasanayan. Ang pagsulat ay may iba't ibang uri: Pagsulat ng akademik, teknikal, journalistic, referential, propesyunal at malikhaing pagsulat. Ang pagsulat ng tula ay nakaangkla sa malikhaing pagsulat na isang uri ng panitikan sa Pilipinas.

Sa pagsusulat, naipapahayag ng ilan ang kanilang kaisipan at maging ang kanilang nararamdaman. Mahalaga na hindi lamang alam ng isang indibidwal ang sistema ng pagsulat ng isang sulatin nararapat na maalam din siya sa mga batis ng karunungan na paghahanguan niya ng mga impormasyong napapanahon at puno katotohanan. Nagiging medyum din ito upang matuklasan pa ang angking karunungan at husay ng isang indibidwal.

Ang mahusay na pagsulat ay kinakailangang mahilig magbasa ang mga mag-aaral upang mas makabahagi sila ng malalalim na pananalita subalit taliwas ito sa resulta ng Programme for International Student Assessment (PISA) ng taong 2018 na mula sa 79 na bansa na nakilahok ang Pilipinas ang nakakuha ng pinakamababang marka sa komprehensiyon sa pagbabasa. Kaya hindi kataka-taka na kahit sa simpleng pagbasa lamang ng mga tula ay hirap na silang intindihin ang mga ibig sabihin ng mga ito kaya hirap din sila sa pagsusulat.

Isa lamang itong manipestayon na unti-unti ng nawawala ang tradisyunal na uri ng tula dahil na rin sa kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa tradisyunal na tula. Ang karamihan ay gumagawa ng makabagong pamamaraan ng pagsusulat. Hindi inaalis ang pagyakap sa ganitong uri ng pagsulat subalit ang tradisyunal sana'y mapanitili at lalo pang mapayabong.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Orillan, (2020) nabanggit niya na ang pagsulat ng tula ay isang masalimuot na gawain lalo na sa mga mag-aaral na walang hilig o kakayanang bumuo ng kahit simpleng halimbawa ng tula. Ang pagsulat ng tula ay isang sining sapagkat ito ay nangangailangan ng pagpipili ng mga akmang salita, pagbilang ng mga pantig, paggamit ng tayutay at matatalinghagang pananalita at paghanap ng mga magkakatugmang mga salita upang maipahayag nang maayos at masining ang pahayag na nais ibahagi. Bagama't unti unti ng nawawala ang tradisyunal na pagsulat ng tula dahil na rin sa makabagong pag-iisip ng mga mag-aaral kaya ang karaniwan na kanilang nabubuo ay ang malayang taludturan. Ang pagsulat ng tula

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Volume III, Issue 6 June 2023, eISSN: 2799-0664

ay kinakailangan paglaanan ng oras, talino at respeto sa tradisyunal na pamamaraan ng pagsulat nito. Ang pagsulat ng tula ay nasa malikhaing pag-iisip ng isang manunulat, nakasalalay sa kaniyang magandang pananaw ang kasiningan ng tula. Sa ganitong mga pamantayan at kinakailangan taglayin ng isang mahusay na tula, kadalasan o karamihan sa mga mag-aaral ay hindi nakagagawa ng maayos na tula. Kadalasan ang kanila lamang nagagawa ay ang malayang taludturan na kung saan ay nawawala na ang tunay na dapat taglayin at elemento ng isang tradisyunal na tula. Patunay dito na kung magpapagawa sa mga mag-aaral ng isang tula ay hirap silang makabuo ng kahit na dalawang saknong lamang dahil sa impluwensya ng kanilang mga ginagawa o mga pinagkakaabalahan tulad ng paglalaro o pagbababad sa kanilang mga gadgets lalo na ngayong panahon ng pandemya.

Ito ang nag-udyok sa mananaliksik na mapaunlad pa ang tradisyunal na tula lalo na at kahit nagbago ang kurikulum ng DepEd ay tinatalakay pa rin ang iba't ibang uri ng tradisyunal na tula tulad na lamang ng klasikong Ibong Adarna na pinag-aaralan ng mga mag-aaral na nasa ika-pitong baitang at ang Pamosong Florante at Laura na pinag-aaralan din ng mga mag-aaral na nasa ika-walong baitang. Maraming mag-aaral ang kumukunot ang noo at nagsasalubong ang mga kilay dahil hirap silang intindihin ang mga saknong at aralin sa mga tradisyunal na tula lalo na kapag ito ay ginamitan na ng mga tayutay at mga larawang diwa.

## II. Metodolohiya

Inalam sa pananaliksik na ito ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral na nasa ikalabing isang baitang ng klaster 2 sa dibisyon ng Urdaneta City. Deskriptibong sarbey ang ginamit ng mananaliksik sa paglikom ng mga datos na higit na nakatulong sa lalong katagumpayan ng pag-aaral. Ang mga respondente sa pananaliksik na ito ay pitumpu (70) mga mag-aaral na nasa ikalabing isang baitang ng klaster 2 sa dibisyon ng Urdaneta City. Mayroong kabuuang walumpu't limang (85) mag-aaral na nasa ikalabing isang baitang ang klaster 2. Naging matagumpay ang pag-aaral na ito dahil ang mananaliksik ay gumawa ng liham pahintulot para sa tagamasid pampurok ng klaster 2 ng dibisyon ng Urdaneta City upang pahintulutan na maging respondente ang mga mag-aaral sa ikalabing isang baitang. Nakalap ang mga kinakailangang datos mula sa resulta ng ginamit na talatanungan.

Ginawang basehan din ang talatanungang ginamit ni Orillan (2020) sa kanyang pananaliksik na pinamagatang "Kasanayan sa Pagsulat ng Tula ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang " gayun din ang kanyang ginawang pamantayan sa pagwawasto ng likhang tula ng mag-aaral upang maging makabuluhan ang gagawing pananaliksik. Ang bawat mag-aaral ay lumikha ng sariling tula sa anyong tradisyunal. Ang tema ng kanilang isinulat na tula ay ayon sa kanilang personal na pasya. Pagkatapos ng paglikha ng tula, ipinabasa at ipinasuri sa mga guro sa Filipino mula sa tatlong pampublikong paaralan. Humingi rin ng pahintulot ang mananaliksik sa punong guro ng paaralan ng mga gurong nagbalideyt ng mga ginawang tula ng mga bata sa pamamagitan ng liham. Pagkatapos ng pagsusuri ng mga guro sa mga tula ng mga mag-aaral, itinala at isinaayos

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

ang mga datos na nakalap upang matukoy ang kahusayan sa pagsulat ng tula ng mga mag-aaral na nasa ikalabing isang baitang.

Nabigyan ng karampatang deskriptibong kahulugan ang mga sumusunod na talahanayan patungkol sa kahusayan sa pagsulat ng tula ng mga mag-aaral gamit ang mga sumusunod na leyenda 4.20-5.00- Lubos na Kahusayan (LK); 3.40-4.19-Mataas na antas ng Kahusayan (MK); 2.60-3.39-Katamtaman na antas ng Kahusayan (K); 1.80-2.59-Mababang antas ng Kahusayan (MbK); at 1.00-1.79-Walang Kahusayan (WK) . Ang mga nalikom na datos sa pamamagitan ng instrumento ng pananaliksik ay itinala sa MS Excel Software at sinuri sa pamamagitan ng Statistical Package for Social Science (SPSS) gamit ang istadistikang kasangkapan.

## III. Resulta at Pagtalakay

**Talahanayan 1**

***Kabuuan ng Resulta ng Antas ng Kahusayan sa Elemento sa Pagsulat ng Tula***

| **Sukatan** | ***Kabuuang Average ng Iskor*** | **Antas** |
|---|---|---|
| Sukat | 3.82 | MK |
| Tugma | 3.97 | MK |
| Talinghaga | 3.26 | K |
| Larawang Diwa | 3.09 | K |
| Tema | 3.70 | MK |
| ***General Weighted Average Mean*** | **3.56** | **MK** |

***Leyenda: (4.20-5.00) LK-****Labis na Kahusayan,* ***(3.40-4.19) MK-*** *Mataas na Kahusayan****, (2.60-3.39) K-*** *Katamtaman and Kahusayan****, (1.80-2.59) MbK-*** *Mababang Kahusayan,* ***(1.00-1.79) WK-*** *Walang Kahusayan*

Makikita sa talahanayan 1 ang kabuuan ng kahusayan sa pagsulat ng tradisyunal na tula ng mga mag-aaral sa ikalabing isang baitang batay sa limang elemento ng tula na sukat, tugma, talinghaga, larawang diwa at tema mula sa ebalwasyon ng tatlong ekspertong guro sa Filipino sa mga likhang tradisyunal na tula ng mga mag-aaral. Sa kabuuang kahusayan sa pagsulat ng tula mayroon itong antas na 3.56 o mataas na kahusayan na ibig sabihin ang mga mag-aaral sa ikalabing isang baitang ay may kaalaman o kahusayan sa pagsulat ng tula.

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, sa limang elemento ng tula may pinakamataas na average iskor ay ang tugma na may 3.97 o mataas na antas kahusayan na ibig sabihin may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa pagsulat ng tula na may tugma. Pangalawa naman ang sukat ay may average iskor na 3.82 o mataas na antas ng kahusayan, makikita din sa resultang ito na may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral patungkol sa sukat ng mga tula. Sumunod naman ang

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

tema na may average iskor na 3.70 o mataas na kahusayan sa pagsulat ng tula. Sinundan naman ito ng talinghaga na may average iskor na 3.26 o nasa katamtaman lamang na antas ng kasanayan ibig sabihin nito meron lamang katamtamang kaalaman ang mga mag-aaral sa pagsulat ng tula na mayroong talinghaga. Pinakamababa naman ang larawang diwa na mayroon lamang 3.09 o katamtamang antas ng kahusayan. Ibig sabihin nito bahagya lamang ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tula na may larawang diwa.

Sang-ayon ito sa pag-aaral ni Orillan (2020), na nagsabing mataas ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tula gamit ang sukat, tugma, taludtod at larawang diwa. Pinagtibay din ito sa pag-aaral ni Bermudez (2012), na sinabing katamtaman ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng tula ng mga mag-aaral.

Batay sa resulta, kakikitaan ng sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa pagsulat ng tula kahit pa marami nang makabagong mga tula ang umuusbong sa kasalukuyan. Kaya dapat na pagtuunan ng pansin ang mga pamantayan na kung saan bahagya lamang ang kahusayan ng mga mag-aaral upang lalo pang tumaas ang kanilang kahusayan sa pagsulat ng tula.

Iminungkahi naman ng mga ebalweytor sa mga likhang tula ng mga mag-aaral na idebelop pa ang ilang batayan sa pag ebalweyt ng tula gaya ng paggamit ng mga tayutay upang mas maging matalinghaga ang tulang kanila pang lilikhain kakikitaan kasi ang mga likhang tula ng mga mag-aaral ng kahusayan subalit mas makakatulong sa kanila kung may kalinawan din ang pamantayan. Patunay nga dito ang naging resulta na kung saan mababa ang talinghaga at pinkamababa naman ang larawang diwa, hindi masyadong napalooban ng mga matatayutay na pananalita ang kanilang mga tula. Ayon kay Aguana (2015) na nakapaloob sa pag-aaral ni Orillan (2020), ang talinghaga ay ang tahas o natatagong kahulugan ng tula sa pamamagitan ng mabisang paggamit ng tayutay sa tula.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 2**

***Ugnayan ng Profayl at Kahusayan ng mga mag-aaral sa Pagsulat ng Tula***

| Independent Baryabol | Test Statistic | Value | Remarks |
|---|---|---|---|
| **Edad** | Linear Regression | 0.262 | WK |
| | Sig.(2-tailed) | 0.162 | |
| | Sig. (2-tailed) | 0.312 | |
| **Kasarian** | Point biserial correlation | 0.267 | WK |
| | Sig. (2-Tailed) | 0.154 | |
| **Pinakamataas na Natapos ng Magulang** | Sig. | 0.384 | WK |
| **Babasahing Karaniwang Binabasa** | | | |
| **Wattpad** | Sig. | 0.131 | WK |
| **Magazine** | Sig. | 0.886 | WK |
| **Bibliya** | Sig. | 0.989 | WK |
| **Paksa na Kahiligang Sinusulat** | | | |
| **Katatakutan** | Sig. | 0.885 | WK |
| **Pagmamahal** | Sig. | 0.885 | WK |
| **Katatawanan** | Sig. | 0.486 | WK |
| **Wikang Ginagamit sa Tahanan** | | | |
| **Iloko** | Sig. | 0.884 | WK |
| **Pangasinan** | Sig. | 0.401 | WK |
| **Filipino** | Sig. | 0.131 | WK |

**WK- Walang Kaugnayan*

**MK- May Kaugnayan*

**Edad.** Makikita sa talahanayan 2, na walang makabuluhang ugnayan ang edad sa kasanayan sa pagsulat ng tula ng mga mag-aaral gamit ang linear regression na may 0.262 at 0.162 na kabuluhan na mas mataas kaysa sa itinakdang 0.05 na kabuluhan.

Dahil dito, tinanggap ang haypotesis na walang makabuluhang ugnayan ang edad ng mga mag-aral sa kanilang kasanayan sa pagsulat ng isang tula. Pinapakita lamang nito na walang implikasyon kung ilang taon na ang mag-aaral sa kaniyang kahusayan sa pagsulat ng isang tula.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Gines (2009), hindi kinakitaan ng makabuluhang ugnayan ang edad ng mag-aaral sa kahusayan nito sa pagsulat ng tula. Lumabas na may mga mag-aaral na mas bata subalit mahusay sa pagsulat ng tula kumpara sa mas may edad na.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

**Kasarian.** Makikita sa talahanayan 2, gamit ang point biserial lumabas na walang makabuluhang ugnayan ang kasarian sa kasanayan sa pagsulat ng tula ng mga mag-aaral na may 0.267 at 0.154 na kabuluhan na mas mataas kaysa sa itinakdang 0.05 na kabuluhan.

Pinatunayan ito sa pag-aaral ni Bermudez (2012), na lumalabas ding walang makabuluhang ugnayan ang kasarian sa kanilang antas ng kahusayan sa pagsulat ng tula. Dahil dito masasabi lamang na walang derektang epekto o ugnayan ang kasarian ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa pagsulat ng tula. Ang naging resulta ang nagbibigay linaw sa mananaliksik na tanggapin ang haypotesis na walang makabuluhang kaugnayan ang kasarian ng mga mag-aaral sa kanilang kahusayan sa pagsulat ng tula. Ibig sabihin lamang nito, hindi nakabase sa kasarian ang kakayahan sa pagsulat ng isang tula.

**Pinakamataas na natapos ng magulang.** Sa antas ng pinag-aralan ng magulang, makikita na may kabuuang korelasyon na 0.027 at 0.384 na kabuluhan na kung saan mas mataas ito kaysa sa itinakdang 0.05 na kabuluhan. Nangangahulugang walang makabuluhang ugnayan ang antas ng pinag-aralan ng magulang sa kakayahan sa pagsulat ng tula.

Tinanggap ang haypotesis na walang makabuluhang ugnayan ang antas ng edukasyon ng mga magulang sa kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tula. Ayon naman sa pag-aaral ni Rivera (2011), sa kaniyang pananaliksik na ang natapos ng magulang ay hindi nakakaapekto sa performans ng mga mag-aaral sa loob ng paaralan.

**Babasahing Karaniwang Binabasa.** Makikita sa talahanayan 2 sa babasahing karaniwang binabasa ang wattpad ay may partial eta squared na 0.80 at kabuluhan na 0.131, ganun din ang magazine na may partial eta squared na 0.001 at kabuluhan na 0.886, ang bibliya naman ay may partial eta squared na 0.000 at 0.989 na kabuluhan na kung saan ang tatlong babasahin na ito na karaniwang binabasa ng mga mag-aaral ay walang kabuluhan mula sa itinakdang 0.05 na kabuluhan. Ibig sabihin, lumalabas na walang implikasyon kung anuman ang kinahihiligang basahin ng mga mag-aaral sa kahusayan nila sa pagsulat ng tula.

Sang-ayon naman ito sa binigay na katuturan ni Kenneth Goodman sa Journal of the Reading Specialist ni Badayos (2010) ukol sa pagbasa ay nakakabuo ng bagong kaalaman batay sa teksto o anumang impormasyon na binabasa. Dahil doon, pinapatunayan na may kakayahang mag-isip at bumuo ng bagong kaalaman sa tulong ng pagbabasa.

**Paksa na kahiligang sinusulat.** Makikita sa talahanayan 2 sa paksa na kinahihiligang isulat, ang paksa na katatakutan ay may partial eta squared na 0.001 at 0.885 na kabuluhan, samantalang ang paksa na pagmamahal ay may partial eta squared na 0.22 at 0.431 na kabuluhan panghuli na paksa ang katatawanan na may partial eta squared na 0.019 at 0.486 na kabuluhan na kung saan ang tatlong paksa na ito na karaniwang sinusulat ng mga mag-aaral ay walang kabuluhan mula sa itinakdang 0.05 na kabuluhan. Ibig sabihin, walang implikasyon kung ano man ang paksa na kanilang kinahihiligang isulat sa kahusayan sa pagsulat ng mga tula.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Volume III, Issue 6 June 2023, eISSN: 2799-0664

Pagpapatunay lamang dito ang katuturan ni Bernales (2011) tungkol sa pagsusulat, ang pagsusulat ay pagsalin sa papel ng anumang kasangkapang maaaring mapagsalinan ng mga mabubuong salita, simbolo at ilustrasyon ng tao. Ibig sabihin nito anumang babasahin ang babasahin ay nakatutulong sa pagdebelop ng ng pagbabahagi ng mga karanasan, ideya at nararamdaman ng isang manunulat.

**Wikang Ginagamit sa Tahanan.** Makikita sa talahanayan 2 sa wikang ginagamit sa tahanan, ang Iloko ay may partial eta squared na 0.001 at 0.0884 na kabuluhan.ang dayalektong Pangasinan naman ay may partial eta squared na 0.023 at 0.401 na kabuluhan at ang Wikang Filipino naman ay may 0.080 o 0.131 na kabuluhan na kung saan ang mga ito ay mga wikang ginagamit ng mga respondente sa kanilang tahanan na walang kabuluhan mula sa itinakdang 0.05 na kabuluhan.

Pinatunayan ito ng mga katagang binitawan ni Lumbrera mula kay Doque et.al (2019), "Taglay ng wika ang mga kaisipang minana sa mga ninuno at ang mga kaisipang pumasok sa lipunan sa pamamagitan ng mga babasahin at panooring galing sa labas ng pilipinas, gayundin ang mga kaisipang pinalitaw ng mga tagisan at pagtatalo ng mga palaisipan sa pilipinas at dayuhan. Kapag sinabing may "henyo" ang wika, hindi talinghaga lamang ang kasabihan. Kapag binungkal ang wikang ngayo'y kinagawian na nating itinuring na isa lamang instrumento , isang dulang ng kaalamang hindi pa natin naarokang mabuksan sa atin."

Ayon kay Jose T. Saragosa (2006) Marami ang nagsikap at nagsisikap na mapayaman at mapaunlad ang wikang pambansa. Layunin ng mga pagsisikap na ito na magamit ang wikang Filipino bilang wikang panturo o midyum ng edukasyon, Naniniwala ang mga makabayang dalubwika o linggwistiko na ang paggamit ng pambansang wika sa pagtuturo ng kaalamangteknikal at aghamin ang susi sa pagkakaisa at pag-unlad ng bansa. Mahalagaang paggamit ng Filipino sa pagtuturo sapagkat malaki ang maitutulong nito saintelektwalisasyon ng mga Pilipino. Sa isang payak na pagsusuri masasabi nating ang paggamit ng katutubong wika sa pagtuturo ng anumang uri ng kaalaman ay nakapagpapabilis sa proseso ng edukasyon. Kung wikang dayuhan ang gagamitin sa pagtuturo, may tatlong proseso ang nagaganap sa ating isipan: Persepsyon (kaalaman), Pagsasalin, Pag-unawa. Nangangahulugan na ang mga tao ay mas nakapaglalahad ng sariling kaisipan kapag siya ay maalam sa wikang ginagamit niya.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 3**

***Mga Suliraning Kinakaharap ng mga mag-aaral sa Pagsulat ng Tradisyunal na Tula***

| Mga Suliraning Kinakaharap * | Bilang | Bahagdan | Ranggo |
|---|---|---|---|
| Pagkakaroon ng napakaraming takdang aralin at performance task na kinakailangang tapusin kaya kulang na ang oras sa pagsusulat ng tula | 45 | 64.29 | 1 |
| Pagkakaroon ng labis na kawilihan sa mga online games at paggamit ng social media application tulad ng tiktok, facebook, instagram o twitter | 40 | 57.14 | 2 |
| 3.Pagpili ng mga mag-aaral na pumunta sa mga malls pagkatapos ng klase kaysa magsulat ng tula | 36 | 51.43 | 3 |
| 4.Kakulangan sa materyales sa paglinang ng talasalitaang Filipino | 33 | 47.14 | 4 |
| Hindi masyado binibigyang pansin ang paglikha ng tula sa mga asignatura sa senior high school | 22 | 31.42 | 5 |

**** Maraming Tugon***

Makikita sa talahanayan 3 ang naging tugon ng mga respondente patungkol sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tradisyunal na tula. Lumabas na ang pinaka suliraning ng mga mag-aaral ay ang pagkakaroon ng maraming takdang aralin at *performance task* sa paaralan na kinakailangang tapusin kaya kulang na ang oras sa pagsusulat ng tula na nagkamit ng apatnapu't limang (45) tugon o 64.29 na bahagdan.

Sa ilalim ng House Bill No. 388 na isinampa ni Quezon City Rep. Alfred Vargas, ipinagbabawal na ang pagbibigay ng mga guro ng takdang-aralin. Ang panukalang ito aymakakatulong sa mga estudyante upang mapaglaanan nila ng oras ang kanilang mga sarili at angkanilang pamilya. Lahat ng mag-aaral ay may kanya-kanyang responsibilidad na dapat gampananhindi lang sa loob ng paaralan kung hindi pati na rin sa kanilang mga tahanan. Halos kalahatingaraw ang kanilang iginugugol sa paaralan sa pakikinig ng leksyon kung kaya't pagdating sa bahay ay hindi maiiwasang makaramdam ng pagod na siyang dinadagdagan pa ng mga takdang-aralin.

Ayon sa pagsusuri, ang labis na takdang-aralin ay nagdudulot sa mga bata na maramdaman ang "burnt out". Dahil mahihirapan ang ibang mga mag-aaral lalo na sa elementarya na gawin angassignments ay ipapagawa na lamang nila sa kanilang mga magulang. Paano matututo ng tama ang bata kung ang takdang-aralin mismo hindi sila ang gumagawa. Maaari namang magbigay ng takdang aralin ang mga guro subalit dapat limitado lamang ang kanilang ibibigay sa mga

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

estudyante upang sila ay makapagpahinga pagkagaling sa paaralan at maingatan ang kanilang kalusugan.

Sa kabilang banda naman ay napag-alaman ng Review of Educational Research na ang takdang-aralin ay nagpapaunlad sa pagkatuto ng isang mag-aaral lalo na sa mga kasanayan sa paglutas ng problema, disiplina sa sarili at ang pagkakaroon ng mataas na marka sa pagsusulit. Layunin ng takdang-aralin na maging tulay sa pagitan ng agwat ng paaaralan at ng bahay. Bilang karagdagan ay makatutulong ito upang lalo pang mapagbuti ng estudyante ang kanyang kakayahan at maihanda niya ang kanyang sarili para sa susunod na aralin. Hindi naman ang takdang-aralin ang pangunahing kalaban ng mga mag-aaral kung marunong lamang siyang balansehin ang kanyang iskedyul. Kung magiging disiplinado at organisado lamang ang isang estudyante ay tiyak na magtitiwala sa kanya ang guro at sakaling matulungan ka pa nila.

Sumunod na suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tradisyunal na tula ay ang pagkakaroon ng labis na kawilihan sa mga *online games* at paggamit ng *social media application* tulad ng *tiktok, facebook, instagram o twitter* na nagkamit ng apatnapu (40) o 57.14 na bahagdan.

Ayon sa pag-aaral ni Leea China (2013), ang social media ay nagbibigay ng kakayahang umangkop sa pagkatuto, pasiglahin ang mga makabagong ideya at dagdagan ang interpersonal na relasyon sa mga mag-aaral. Nagbibigay din ito ng negatibong epekto sa mga mag-aaral dahil may ilan sa mga ito na gumagamit nito para sa paghahanap ng isang paningin na hindi kaya para sa kanila, binabawasan din nito ang kanilang pag-uugali sa lipunan at kasanayan sa akademiko.

Napag-alaman sa pananaliksik na isinagawa ni Geagonia et.al (2013) mayroong mga mag-aaral ang nagkakaroon ng di maayos na kalagayang pisikal dahil sa labis labis na paggamit ng gadget. Ayon sa Social Learning Theory ni Bandura, "Maraming prosesong pagkatuto ang magagamit ng tao, ang isa sa mga ito ay ang tinatawag na "vicarious conditioning" o ang pagkatuto mula sa kinalabasan ng gawain ng iba o ang "observational learning" o pagkatuto batay sa panonood lamang.

Naging suliranin rin base sa tugon ng mga respondente ang pagpili ng mga mag-aaral na pumunta sa mga malls pagkatapos ng klase kaysa magsulat ng tula na nagkamit ng tatlumpu't anim (36) na tugon o 51.43 na bahagdan.

Sa pag-aaral na nakalathala sa Dokumentips, Sa loob ng mga mall ay may iba't ibang tambayan ang mga kabataan. Dito nagpapalipas ang mga estudyante ng kanilang oras kaysa nasa loob ng klase at nag-aaral, natututo para sa gayon ay maihanda sila sa kanilang kinabukasan, bagkus nasa mall kasama ang mga kabarkada at pinapalipas ang kanilang mahahalagang oras sa paglalakad-lakad lamang sa loob ng mall. Dito rin sa mall mapapagastos sa mga hindi importanteng bagay, gaya ng mga pang-kikay ng mga babae gayundin ang mga kalalakihan. Hindi naman puro negatibo ang laman nito kung hahalungkatin pa ang ideyang ito ay may mga

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

magandang aspeto rin naman ito na nagdudulot ng kagandahan ng mga malls sa tabi ng eskwelahan.

Isa rin sa mga suliraning naging tugon ng mga respondente ay ang kakulangan ng mga materyales sa paglinang ng talasalitaang Filipino na nagkamit ng tatlumpu't tatlo (33) o 47.14 na bahagdan.

Ayon sa pananalikisik ni Peña (2014) mula sa nakalap na datos ni Edberto Villegas, sa panahon ni Macapagal-Arroyo, kalunos-lunos ang kalagayan ng mga estudyante at guro sa mga pampublikong paaralan sa Pilipinas. Nasaliksik niya na batay mismo sa estadistika ng gobyerno, may kakulangan ng 49, 000 na klasrum at may 2, 381, 943 na mga desk/armchairs sa ating mga paaralan. Ang ratio ng bilang ng libro sa mga estudyante ay 0.33 sa mga pampublikong paaralang pang-elementarya at 0.6 sa hayskul. Nananatili rin ang kababaan ng sahod ng mga guro ayon sa datos ng Alliance of Concerned Teachers o ACT. Ang 500,000 guro sa elementarya at sekondaryang pampublikong paaralan ay sumasahod lamang mula 4, 000 hanggang 6, 000 bawat buwan. Bukod sa mga nabanggit na mga anomalya at suliranin sa edukasyon. Nananatiling suliranin sa larangang ito ang hindi pagtanggap ng maraming edukador sa wikang Filipino bilang wikang panlahat at wikang panturo.

Ayon kay Bienvenido Lumbera, "Sa kasalukuyan, nagkapuwang na ang wikang Filipino sa kurikulum. Hindi pa ito ang kinikilalang wikang panturo, pero may lugar na ito sa paaralan. Nakapasok na sa akademya ang wika ng masa. Bagamat ang marami sa mga maykapangyarihan ay nagmamatigas pa rin na sa Ingles lamang nagaganap ang tunay na edukasyon ng kabataang Filipino." Sa obserbasyong ito ni Lumbera, ang lakas at kapangyarihan ng sariling wika sa Pilipinas ay pinipigilan pa rin ng mga may kapangyarihan dahil nakabaling sila sa dayuhang wika. Tila bulag ang mga Pilipinong nasa kapangyarihan at kolonyal mag-isip kung kaya't nananatiling suliran sa edukasyon hanggang sa kasalukuyan ang wikang panturo.

Nagkamit naman ng dalawampu't dalawa (22) o 31.42 bahagdan ang tugon na hindi masyado binibigyang pansin ang paglikha ng tula sa mga asignatura sa *senior high school.* Ayon sa Deped Order no. 24. s. 2012, o ang Adoption of the Basic Education Development Plan (BEDP) 2030, sa ilalim ng K to12 Curriculum ang mga aralin ng mga mag-aaral ay hahaluan na ng Spiral Progression na ang pangunahing layunin ay ang pagkakaroon ng kahusayan ang mga mag-aaral habang sila ay nag-aaral. Subalit magiging dahilan din ito upang maging limitado na lamang ang panahon ng pagtuturo ng mga guro sa isang partikular na aralin dahil kinakailangan na ipasok agad ang ibang konsepto ng aralin. Ito rin ay ang pag-uulit ng pag-aaral ng mga konsepto at aralin mula pinakasimple hanggang sa pinakakomplikado. Iba ito sa sistema ng RBEC o ng Revised Basic Education Curriculum na sa buong taong panuruan, naka espisipiko lamang ang aralin sa isang kasanayan o konsepto.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

## IV. Kongklusyon

Batay sa mga datos na sinuri at pinakahulugan ng mananaliksik, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. Ang profayl ng mga respondente ay walang makabuluhang ugnayan sa antas ng kanilang kahusayan sa pagsulat ng tradisyunal na tula.
2. Ang kahusayan pagsulat ng tula ay may kabuuang resulta na nasa mataas na kahusayan, ibig sabihin may kaalaman ang mga mag-aaral sa pagsulat ng tradisyunal tula.
3. Ang naging resulta ay nagbigay linaw sa mananaliksik na tanggapin ang haypotesis na hindi nakabase sa profayl ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng tradisyunal na tula ng mga mag-aaral.
4. Ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral na natuklasan sa pag-aaral ay hindi naging dahilan upang maapektuhan ng labis ang kahusayan nila sa pagsulat ng tradisyunal na tula.rom

## MGA SANGGUNIAN

[1] Almario, Virgilio, 1993. Panitikang Tagalog Mga Pagsusuri sa Sining ng Pagtulang Tagalog Rare Book Section Filipino Division National Library.
[2] Arcoya, Encarni, 2007. Paano sumulat ng isang tula: Pangunahing mga tip at trick
[3] Arrogante, Jose A. 2009. Pagpapahalagang Sining sa Filipino. Mandaluyong City.
[4] Arrogante, Jose A. et al.2004. Panitikang Filipino Antolohiya Binagong Edisyon,
[5] Mandaluyong City: National Book Store,2004.
[6] Avena, Lorenzana P. 1998. Yaman ng Wika at Panitikan. Diwa Scholastic Press. Inc.
[7] Badayos, Paquito B. et al. 2004. Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika. Makati City: Grandwater Publications and Research Corporation.
[8] Balmaceda, Julian Cruz. 1999. Tula at Balagtasan Manila: New Day Publishing.
[9] Belvez, Paz M. et.al. YEAR Mabisang Pagsasalita at Pagsulat. Maynila: Rex Printing Company Inc.
[10] Bermudez, Virginia S. 2012. Kasanayan ng mga mag-aral sa Pagsulat ng Tula sa Unang Taon sa kolehiyo. Graduate Thesis. Pangasinan State University.
[11] Bernalez, Rolando et.al. 2002. Komunikasyon sa Makabagong Panahon. Valenzuela City: Mutya Publishing House Inc.
[12] Carbonel, Angielea B.et.al. (2014). Mga Kahinaan sa Pagsulat ng Komposisyon ng mga nasa Unang Taon sa Palayan Region High School. Filipiniana Government Publication.
[13] Casanova, Arthur P. 2011. Diksyunaryo sa Drama at Teatro, Caloocan: Rex Bookstore.
[14] Castillo, Mary Joy A. et.al. 2008. Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Maynila: Bookstore Publishing Company.
[15] Coroza, Michael B. 2006. Dili't Dilim. Manila: UST Publishing House.
[16] Course Hero .2019. https://www.coursehero.com/file/50773209/1docx/
[17] Dela Cruz, Julie B. 2010. Pagsulat ng Tula sa Antas Tersari. Dagupan, City. University of Pangasinan.
[18] Dokumen.tips. https://dokumen.tips/documents/suliranin-at-sanligan.html?page=7

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

[19] Espeleta, Rachele C. 2016. Impluwensiya ng Wattpad sa Kasanayang Pagsulat sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikasampung Taon ng Tarlac National High School. Graduate
[20] Thesis. Tarlac State University.
[21] Galamay, Gerlie LaIca B. 2020, Epekto ng Pagkakaroon ng Time Management sa mga Mag-aaral. New Era University.
[22] Geagonia et.al (2013). Epekto ng Social Media sa Akademikong Pagganap ng mag-aaral sa 11-HUMMS N2.
[23] Graham, Jorie. 2004 Poetry Reading. Chicago USA: Poetry Foundation Publication.
[24] Goloyugo, Reydo C. 2017. Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Maikling kuwento. Urdaneta City: Pangasinan State University.
[25] Hanuel, Deyective 2017. Filipino-tulang tradisyunal. Slideshare.net/LennoxLatag1/Filipino-tulang-tradisyunal.Reyrieved: November 4, 2019.
[26] Kyosi,ouja.2019.Ano ang Tula-Kahulugan at ang Ibat'ibang Akdang Patula. https://philnews.ph/2019/07/22/ano-ang-tula-kahulugan-akda/.Retrieved:September 15,2019.
[27] Landicho, Marvin D. 2006. Pag-ebalweyt ng Tulang Pag-ibig sa Tinubuang Lupa. Polytecnic University of the Philippines.
[28] Monleon, Fernando Akda: Tula at Tuluyan/librarything.com/work.
[29] Ojano, Gina T. 2011 Pagsusuri sa mga Paksang Diwa ng mga Piling Tula ni Alcomitser Tumangan, Sr. Baguio City: SLU.
[30] Orillan, Rhodalyn V. 2020. Kasanayan sa Pagsusulat ng Tula ng mga mag-aaral na nasa Ikapitong Baitang. Graduate Thesis. Pangasinan State University.
[31] Peña, Romeo Palustre. 2014. Wikang Filipino: Hininga, Kapayapaan at Puwersa. Filipinolohiya: Journal sa Filipino ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas.
[32] Peret, Nova Tenorio.2013. Tesis sa Filipino. http://www.scribd.com/doc/135935758/tesis-sa
[33] Filipino. Retrieved: November 22,2019.
[34] PISA (2018).PISA 2018 World Wide Ranking-Average score of Mathematics, Science and Reading. Retrieve on Sept. 17 2019 from www.factsmaps.com/pisa2018worldwideranking.
[35] Pogoy, Lyca Mae. 2019. Epekto ng takdang aralin sa mga estudyante.
[36] Regalado,Iñigo Ed., Damdamin:Mga Piling Tula. https://www.google.com/search?.iñigoedregalado+aklat+sa+wika.
[37]
[38] Reilly,Rosemary.2013.Found Poems,Member Checking and Crises of Reprentation.https://nsuworks.nova.edu/tqr/vol18/iss15/2. Retrieved: September 15,2019.
[39]
[40] Republic Act 1053. Implementing Rules and Regulations of the Enhanced Basic Education Act. Retrieved on July 10,2015 from www.RA 10533.com.ph

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved